


Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Proseso sa Pagsulat ng Pananaliksik



GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 3:Proseso sa Pagsulat ng Pananaliksik
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Judith A. Calivara and Lilibeth L. Lubiano	
Editor:	Maria Leilane E. Bernabe, Ed.D.	
Tagasuri:	Juana T. Macalagay, PhD	Darlene Joy A. Huelar
Tagaguhit:	Mary Laila Jane Paras	
Tagalapat:	Nolan Severino R. Jusayan	Katherine Obrero Cordora
Tagapamahala:	Wilfredo E. Cabral	Francis Cesar B. Bringas
	Job S. Zape Jr.	
	Eugenio S. Adrao	Ramonito O. Elumbaring
	Elaine T. Balaogan	
	Fe M. Ong-ongowan	
	Celedonio B. Balderas, Jr.	Lourdes T. Bermudez
	Lualhati O. Cadavedo	Alona A. Enzinares
	Gemma G. Cortez	Regin Rex P. Tosco
	Leylanie V. Adao	Marissa O. Aguirre
	Cesar Chester O. Relleve	Ma. Gladys A. Delos Reyes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IV-A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Barangay San Isidro
Cainta, Rizal 1800
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
E-mail Address: region4a@deped.gov.ph

**Pagbasa at Pagsusuri sa
Iba't Ibang Teksto
Tungo sa Pananaliksik
Ikaapat na Markahan – Modyul 3:
Proseso sa Pagsulat ng
Pananaliksik**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at dinisenyo para sa iyo. Ito ay nabuo upang lubos mong maunawaan ang asignaturang Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Ang kabuuan ng modyul na ito ay makakatulong upang maibigay sa iyo ang mahahalagang kaalaman at impormasyon na tiyak na makatutulong sa iyong pag-unlad. Ang wikang ginamit ay kinikilala ang pagkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang aralin ay isinaayos upang sundin ang batayang pagkakasunod-sunod ng kurso. Subalit ang pagkakasunod-sunod ng iyong binasa ay maaring magbago upang tumugma sa aklat na ginagamit mo ngayon.

Ang modyul na ito ay patungkol sa paksang:

Aralin 1: Proseso sa Pagsulat ng Pananaliksik

Matapos mong pagdaanan ang modyul na ito, inaasahan na ikaw ay:

Pamantayang Pangnilalaman:

Nakasusunod sa pamantayan ng pagsulat ng masinop na pananaliksik

Pamantayan sa Pagganap:

Nakabubuo ng isang maikling pananaliksik na napapanahon ang paksa

Kasanayang Pampagkatuto:


Naiisa-isa ang mga paraan at tamang proseso ng pagsulat ng isang pananaliksik sa Filipino batay sa layunin, gamit, metodo, at etika ng pananaliksik
(F11PU-IVef-91)

Layunin:

- Natutukoy ang ang layunin at gamit ng pananaliksik
- Naisasagawa ang responsibilidad ng mag-aaral bilang mananaliksik
- Naibibigay ang katuturan ng metodo at pamamaraan sa pagsulat ng pananaliksik;
- Nagpapakita ng pagkilala sa mga taong pinaghanguan ng mga kaalaman
- Nakasusunod sa pamantayan ng pagsulat ng bibliyograpiya
- Natutukoy ang mga maaaring pagkuhanan ng mga impormasyon sa pagbuo ng saliksik

Naranasan mo na bang sumulat ng maprosesong pananaliksik? Ano-ano ang mga isinasaalang-alang mo kung ikaw ay gagawa ng isang pag-aaral bilang bahagi ng kurikulum at sa makrong kasanayang pagsulat? Kung hilaw pa ang kaalaman mo hinggil sa pananaliksik, magagabayan ka ng modyul na ito.

Sa bahaging ito ng modyul, mahalagang makapagtamo ng mas malalim na pagpapahalaga sa pananaliksik sa Filipino ang mga mag-aaral na tulad mo, dahil ang tuon ng edukasyon ngayon ay maitaas ang kasanayan na maging palabasa at mapagsaliksik. Ang pokus ng modyul na ito ay ang pagkatuto mo sa mga hakbang at tamang proseso ng pananaliksik. Inaasahan na magkakaroon ka ng bagong pananaw at interes na gumawa ng makabuluhang pananaliksik na maaaring pagpapaunlad sa sarili at makaambag ng bagong kaalaman sa lipunan.



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot isulat ito sa sagutang papel.

1. Nirerespeto at iginagalang ang anumang mga pribadong impormasyon tungkol sa kanyang pinag-aaralan.
A. Mapamaraan B. Matiyaga C. Mabait D. Etikal
2. Hindi kinilala ni G. Maglaya ang isinalin na akda ni G. Lumbera, anong tawag sa kaniyang ginawa?
A. *Plagiarism* B. Layunin C. Metodo D. Gamit
3. Mahalaga rito ang husay sa pagbuo ng mga kasunod at kaugnay na tanong (follow-up question).
A. Sarbey C. Pakikipanayam
B. Obserbasyon D. Dokumentaryong pagsusuri
4. Pagmamasid sa kilos, pag-uugali, at interaksyon ng mga kalahok sa isang likas na kapaligiran.
A. Dokumentaryong pagsusuri C. Obserbasyon
B. Pakikipanayam D. Sarbey
5. Kadalasang ginagamitan ng estadistikal na pagsusuri
A. Dokumentasyon C. Obserbasyon
B. Pakikipanayam D. Sarbey
6. Bahagi ng isang pananaliksik na kakikitaan ng talaan ng mga aklat, journal, pahayagan, magasin, o website na pinagsanggunian o pinagkuhaan ng impormasyon.
A. Datos C. Koseptong Papel
B. Pagpili ng paksa D. Talaan ng Sanggunian/Bibliograpiya

7. Ang mga gawain sa ibaba ay nakapaloob sa proseso ng pagdidisenyo ng pananaliksik **maliban sa isa**.
- Pagtukoy sa populasyon ng pananaliksik o materyales na pagmumulan ng datos
 - Pagkuha ng datos mula sa mga kalahok ng pananaliksik
 - Pamimili ng disenyo at pamamaraan ng pananaliksik
 - Pagpapalano ng mga proseso ng pananaliksik
8. Ang pinagsanggunian o pinagkuhaan ng impormasyon ay makikita sa bahaging ito ng pananaliksik gaya ng mga aklat, journal, pahayagan, magasin, o website.
- Datos
 - Konseptong Papel
 - Pagpili ng paksa
 - Talaan ng Sanggunian/Bibliyograpiya
9. Sa isinagawang pananaliksik ni Princess pinili niyang respondente ng pananaliksik ay mula sa Baitang 12 ng pangkat Automotive at pangkat EPAS sa Senior High School in Progressive. Kinabibilangan ito ng 50 mag-aaral, 30 lalake at 20 babae, na bumubuo sa kabuoan. Saang bahagi ilalagay ni Joana ang ginawa niyang ito.
- Kaligiran ng Pag-aaral
 - Kaugnay na Literatura
 - Metodolohiya at Pamamaraan
 - Paglalahad ng Datos at Interpretasyon
10. Sa ginamit na sanggunian ay hindi nabanggit ang may-akda o *anonymous* ang nakalagay sa *title page*. Paano ito ilalagay sa gagawing bibliograpiya?
- Ang pangalan ng nagparehistro sa pamagat ng aklat ang isinusulat sa bibliograpiya
 - Ang pangalan na lamang ng publikasyon ang isinusulat sa bibliograpiya
 - Ang pamagat na lamang ng unang akda na makikita sa nilalaman
 - Ang pamagat na lamang ng aklat ang isinusulat sa bibliograpiya, taon ng pagkalimbag, lugar na pinaglimbagan at palimbagan
11. Alin sa sumusunod na pahayag ang wasto?
- Kung nabanggit na ang pangalan ng awtor sa mismong teksto, taon na lamang ng publikasyon ang isulat sa loob ng parenthesis.
 - Kung nabanggit na ang pangalan ng awtor sa mismong teksto, pangalan at taon ng publikasyon pa rin ang isulat sa loob ng parenthesis.
 - Kung nabanggit na ang pangalan ng awtor sa mismong teksto, taon na lamang ng publikasyon ang isulat sa hulihan ng pahayag.
 - Kung 'di nabanggit ang pangalan ng awtor sa mismong teksto, taon na lamang ng publikasyon ang isulat sa loob ng parenthesis.
12. Dahilan ng pananaliksik o kung ano ang gustong matamo sa isang particular na pag-aaral.
- Inaasahang Bunga
 - Konseptong Papel
 - Layunin
 - Metodolohiya

13. Isang mainam na lugar na puntahan upang makapangalap ng mga datos o impormasyon na nais saliksikin.
- | | |
|---------------------------|------------------|
| A. Elektroniko o Internet | C. Sekundarya |
| B. Primarya | D. Silid-aklatan |
14. Maituturing bilang isa sa pinakamalawak at pinakamabilis na hanguan ng mga impormasyon o datos. Ito ay bunga ng kumbinasyon ng serbisyong postal, telepono at silid-aklatan.
- | | |
|---------------------------|------------------|
| A. Elektroniko o Internet | C. Sekondarya |
| B. Primarya | D. Silid-aklatan |
15. Ito ang kard na kailangang tingnan kung ang mananaliksik ay may naiisip na agad na awtor na awtoridad sa kanyang paksa.
- | | |
|----------------|-----------------|
| A. Kard Awtor | C. Kard Paksa |
| B. Kard Lyunin | D. Kard Pamagat |

Aralin 3

Hakbang sa Pagsulat ng Pananaliksik



Balikan

Pagpili ng Paksa

Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa pagpili ng paksang kanilang sasaliksikin. Karaniwang ang kanilang napipiling paksa ay nagawan na ng pananaliksik nang maraming ulit.

Huwag nating kalimutan na ang paksa ang pangunahing ideya na daan sa takbo ng isinagawang pananaliksik kaya napakahalaga ang pagpili ng paksa.

Iba't Ibang Maaaring Mapagkunan ng Paksa

1. Sa kasalukuyang panahon, ang **Internet at social media** ay bahagi na ng buhay ng tao. Napakaraming taglay na impormasyon ang internet at kung magiging mapanuri ka baka nandiyan lang at naghihintay ang isang kakaiba at bagong paksang maaari mong gamitin para sa iyong pananaliksik.
2. Ang **Telebisyon** ay isa pa sa mga uri ng media na laganap lalo na sa panahon ng *cable* at *digital television*. Sa panonood mo ng mga balita, mga programang pangtanghai, teleserye, *talk shows* at iba pa.

3. **Dyaryo at Magasin.** Mula sa mga ito’y pag-uukulan ng pansin ang mga nangungunang balita, maging ang mga opinyon, editoryal, at mga artikulo. Suriin at baka naririto lang ang paksang aakit sa iyong atensyon.
4. Mga **Pangyayari** sa iyong paligid. Kung maging mapanuri ka ay maaaring may mga pangyayari o mga bagong kalakaran sa paligid na mapagtutuunan mo ng pansin at maaaring maging paksa sa pananaliksik.
5. Sa **sarili.** Ang paksang nagmula sa bagay na interesado ang mananaliksik ay karaniwang humahantong sa isang matagumpay na sulating pananaliksik sapagkat nalalagay niya hindi lamang ang kanyang isipan kundi ang buong puso at damdamin para sa gawaing sa una pa lang ay gusto niya o interesado siya.

“Alam kong makatutulong ito sa iyo upang magkaroon ka ng gabay at mapadali sa iyo ang daloy ng modyul na ito. Batid kong mulat na ang iyong kamalayan sa mga nakalahad sa talahanayan na maaaring malaki ang maitutulong sa iyo sa pagpili ng paksa sa gawaing pananaliksik.”

Gawain 1:

Panuto: Magtala ng mga napapanahong isyu o paksa na makukuha mula sa mga sumusunod:

Internet/ social media	Telebisyon	Dyaryo/ Magasin	Mga pangyayari sa paligid	Sariling Interes

Mula sa naitalang mga paksa, pumili ng isa at ano sa tingin mo ang mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng paksang pananaliksik.

Gawain 2:

Panuto: Pumili ng isang paksa mula sa Gawain 1. Isulat ang paksa sa ibaba at ilahad kung ano-ano ang layunin mo sa napiling paksa.

Paksa: _____

1. _____
2. _____
3. _____

Ang bahaging ito ng modyul ay iyong magiging gabay o tulong sa sandaling ikaw ay magsusulat na ng sariling **layunin** ng gagawin mong pananaliksik sa napili mong paksa.



Mga Tala para sa Guro

- “Alam kong makatutulong ito sa iyo upang magkaroon ka ng gabay at mapadali sa iyo ang daloy ng modyul na ito.”
- Ngayong alam mo na kung paano magsulat ng layunin batay sa napili mong paksa, maaari mo nang simulan ang susunod na paksa sa modyul na ito.



Tuklasin

Hakbang sa Pagsulat ng Pananaliksik

Layuning ng pananaliksik

Narito ang mga layunin ng pananaliksik (batay sa aklat nina Garcia)

1. Mabigyan ng kasiyahan ang kuryusidad ng tao.

Dahil sa pagkamangha sa mga nakikita sa kapaligiran, lalo na ngayong panahon ng teknolohiya, nagsusulputang imbensiyon nagiging mausisa tayo.

2. Mabigyan ng mga kasagutan ang mga tiyak na katanungan.

Gumagawa tayo ng pananaliksik dahil nais nating mabigyan ng kasagutan ang mga tiyak na katanungan. Nabibiyang-linaw ang maraming katanungan sa kaisipan natin bilang mananaliksik.

3. Malutas ang isang partikular na isyu o konrobersiya.

Mga kontrobersiyang bumabalot sa ating kaisipan, mga kontrobersiyang nagaganap sa ating bansa na unti-unti nang nasasagot ang mga ito sa pamamagitan ng pananaliksik.

4. Makatuklas ng mga bagong kaalaman.

Maraming nang kaalaman ang umiiral, ginagamit at pinakikinabangan ngunit lubha pa itong mapapaunlad sa pamamagitan ng pananaliksik.

5. Maging solusyon ito sa suliranin.

Kung noon ang mga damo at dahon ay walang silbi ngayon ito ay mga gamot na herbal nanakakalunas sa iba't ibang karamdaman at pinagkakaperahan tulad ng sakit sa diabetes at tuberculosis.

Laging tatandaan na ang layunin ng pananaliksik ay siyang sasagot sa iyong gagawing pag-aaral.

Halimbawa:

Layunin ng Pag-aaral:

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang tuklasin ang pananaw, kaalaman, at paniniwala ng mga Bacooreño sa usaping patungkol sa virus na HIV.

Nilalalayon ng pananaliksik na ito na:

1. Matukoy ang kaalaman ng mga Bacooreño patungkol sa virus na HIV;
2. Malaman ang kahalagahan ng tamang pag-unawa sa virus na HIV;
3. Maipahayag ang mga pananaw ng mga Bacooreño sa mga PLHIV at sa patuloy na paglobo ng mga kaso nito; at
4. Maitama ang mga maling pananaw ng mga Bacooreño sa virus na HIV.

Gamit ng Panaliksik sa akademikong Gawain

Ang akademikong pagsulat ay isinasagawa sa isang akademikong institusyon kung saan kinakailangan ang mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Layunin ng akademikong pagsulat ang magbigay ng makabuluhang impormasyon sa halip na manlibang lamang.

Ang maprosesong pananaliksik ay isa sa mga halimbawa ng akademikong pagsulat.

Pagbuo ng Akademikong Pagsulat

Nakadepende sa kritikal na pagbasa ng isang indibidwal (Arogante et al. 2007)

Husay ng manunulat sa:

- mangalap ng mahahalagang datos
- mag-organisa ng mga ideya
- lohikal mag-isip
- kakayahang gumawa ng sinte
- mahusay magsuri
- orihinalidad na gawa
- may inobasyon

Etika at Pananaliksik

Etika-Ito ay ang pagsunod sa istandard na pinaniniwalaan ng lipunan na wasto at naaayon sa pamantayan ng nakararami.

Kawalan ng etika sa Panaliksik

1. Pagpapasagot sa sarbey nang hindi ipinapaalam sa *respondent* kung tungkol saan ang saliksik.
2. Pagtatanong sa mga mag-aaral kaugnay sa kanilang sekswal na gawain.
3. Paglalathala ng mga datos na tumutukoy sa personal na resulta ng panayam o sarbey ng grupo ng mga impormante.

Komponent ng Etika sa Pananaliksik

1. Pagprotekta sa kaligtasan ng mga *respondent*.
2. Pag-iingat sa mga personal na datos
3. Pag-iwas sa desepsiyon o hindi pagsasabi ng totoo
4. Pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mga bata bilang *respondent* ng saliksik

Plagiarism at ang mga Responsibilidad ng mananaliksik

Naging tampok na usapan sa *social media* ang ilang popular ng *plagiarism* sa Pilipinas. Kontrobersiyal ang naging paggamit ng isang malaking negosyante ng mga sikat na linya sa kaniyang talumpati nang walang pagbanggit sa malalaking pangalan ng pinagmulan ng ideya. Gayundin, binatikos ang isang senador sa walang habas na paggamit ng ideya at direktang pagkopya sa artikulo ng *blogger* tungkol sa isyu ng *Reproductive Health Law* sa kaniyang talumpati sa senado. Dahil sa mga pangyayaring ito, naging tampok sa *social media* ang konsepto ng *plagiarism* at ang mga kaugnay sa usaping etikal nito.

Ayon sa Purdue University Online Writing Lab (2014), ang *plagiarism* ay ang tahasang paggamit o pangongopya ng nga salita at ideya ng walang kaukulang pagbanggit o pagkilala sa pinagmulan nito.

Tinukoy ng *Plagiarism.Org*(2014) ang iba pang anyo ng *plagiarism* gaya ng:

- ✓ Pag-angkin sa gawa, produkto o ideya ng iba;
- ✓ Hindi paglalagay ng maayos na panipi sa mga siniping pahayag;
- ✓ Pagbibigay ng maling impormasyon sa pinagmulan ng siniping pahayag;
- ✓ Pagpapalit ng mga salita sa katulad na wika o kaya pagsasalin ng teksto ngunit pangongopya sa ideya nang walang sapat na pagkilala; at

- ✓ Ang pangongoya ng napakaraming ideya at pananalita sa isang pinagkunan na halos bumuo na sa iyong produkto, tukuyin man o hindi ang pinagmulan nito.

Bukod sa mga nabanggit narito pa ang ibang anyo ng *plagiarism*:

- ✓ Pagsusumite ng isang papel sa magkaibang kurso (Council of Writing Programs Administrators 2003)
- ✓ *Redundant publication* pagpasa ng isang mananaliksik ng iisang pag-aaral sa dalawang magkaibang *refereed journal* para sa publikasyon
- ✓ *Self-plagiarism* ang bahagi ng isang pananaliksik ay inuulit sa isa pang pananaliksik ng walang sapat na pagbanggit (Univerity of Minnesota, Center for Bioethics 2003)
- ✓ Pagpaparami ng listahan ng sanggunian kahit hindi naman talaga ito nagamit sa pananaliksik

Metodo o Pamamaraan

Ito ang ikalawang kabanata o tsapter sa mga sulating pananaliksik. Nakapaloob dito ang mga sumusunod na mahahalagang bahagi:

A. Disenyo ng Pag-aaral

Ipinaliliwanag ng mananaliksik sa bahaging ito ang disenyo sa pagsasagawa ng pananaliksik na maaaring palarawan, historikal o kaya'y eksperimental.

Mga uri ng pananaliksik:

1. Pananaliksik na Eksperimental

- ✓ Pinakamabisang uri kung nais tukuyin ang inaasahang resulta
- ✓ Binibiyang- pansin ang mga posibleng dahilan na maaaring tumugon sa suliranin

Halimbawa: Saan higit na madaling matuto sa matematika batay sa wikang ginagamit?

2. Korelasyonal na Pananaliksik

- ✓ Matukoy ang kaugnayan ng 2 baryabol nang makita ang implikasyon nito at epekto sa isa't isa
- ✓ Makatutulong para magkaroon ng prediksiyon sa kalalabasan ng pananaliksik

Halimbawa: Kaugnayan ng kinalakhang paligid sa pagiging *goal-oriented* ng isang tao.

3. Pananaliksik na Haming-sanhi

- ✓ Pag-alam sa dahilan o pagkakaiba ng dalawang bagay o tao

Halimbawa: Paghahambing sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pribado at pampublikong paaralan

4. Sarbey na Pananaliksik

- ✓ Pagpapayaman at pagpaparami ng datos

Halimbawa: Pagkuha ng persepsiyon ng mga mag-aaral sa pagtaas ng matrikula

5. Etnograpikong Pananaliksik

- ✓ Kultural na pananaliksik

Halimbawa: Uri ng pamumuhay ng mga Mangyan sa Mindoro

6. Historikal na Pananaliksik

- ✓ Pagtuon sa nagdaang pangyayari
- ✓ Magpabatid ng katotohanan ng nakalipas na pangyayari

Halimbawa: Pag-alam sa lawak ng angkan

7. Kilos-saliksik (*Action Research*)

- ✓ Benepesyal
- ✓ May suliraning kailangang tugunan
- ✓ Nagbibigay ng solusyon

Halimbawa: Pagtukoy sa suliranin ng pamayanan

8. Deskriptibong Pananaliksik

- ✓ Paglalarawan ng isang penomenong nagaganap kaugnay sa paksa
- ✓ Pinakagamiting uri ng pananaliksik

Halimbawa: Pagtukoy sa iba't ibang halamang gamot sa Pilipinas

Uri ng Pananaliksik Batay sa Klase ng Pagsisiwalat ng Datos

1. **Kwantiteytib-** Ito ay ginagamit sa pagkalap ng numeriko o istatistikal na datos upang makabuo ng pangkalahatang pananaw na kumakatawan sa paksa o isyu na pinag-aaralan.
2. **Kwaliteytib-** Ito ay ginagamit sa pagkalap ng datos ng mga karanasan ng tao sa kanilang ginagalawang lipunan na hindi maaaring isalin sa numurikong pamamamaraan upang makita ang magkakaibang reyalidad ng paksa o isyu na pinag-aaralan.

B. Mga Kalahok at Sampling

Naglalaman ang bahaging ito ng tiyak na bilang ng mga kasangkot sa pag-aaral, tiyak na lugar at ang hangganan ng kanyang paksang tatalakayin sa pananaliksik pati na ang tiyak na panahong sakop ng pag-aaral.

Mga katanungang dapat sagutin:

- ✓ Sino ang kasangkot sa pag-aaral
- ✓ Ilan ang kasangkot
- ✓ Paano sila pipiliin

Ano ba ang Sampol?

- ✓ Tumutukoy sa grupo (tao o bagay) na pinaghahanguan ng mga impormasyon para sa pananaliksik

Pagkuha ng Sampol

- ✓ Tumutukoy sa proseso ng pagpili ng mga indibidwal na miyembro ng isang grupo para sa paksa ng gagawing pag-aaral o pananaliksik.

Ang Populasyon

- ✓ Tumutukoy sa grupo ng interes ng gagawing pananaliksik;
- ✓ Ang grupong ninanais paghanguan ng resulta sa gagawing pag-aaral

Bakit karaniwang praktis ang kumuha ng isang bahagi ng malaking populasyon?

- ✓ Magastos kung buong populasyon
- ✓ Maraming oras ang igugugol kung buong populasyon
- ✓ Nakapaghihinuha (*Inferring*) at nakapaglalahat (*generalizing*) tungkol sa populasyon gamit ang *sampling*

Hakbang sa Pagsasampling

- ✓ Pagkilala sa populasyon, pagtiyak sa kinakailangang sukat ng sampol atistratehiya sa pagpili ng sampol

Mga Istratehiya sa Sampling (Pagsasampol)

- ✓ Pagkuha ng Random o *Random Sampling*
- ✓ Pagkuha ng Nonrandom o *Non-random Sampling*

Random Sampling- Ang bawat miyembro ay mayroong pantay na pagkakataon upang mapili (*EQUIPROBABILITY*) at maging bahagi ng gagawing sampol ng pag-aaral

Uri ng Random Sampling:

1. *Simple Random Sampling*
2. *Stratified Random Sampling*
3. *Cluster Random Sampling*

1. **Simple Random-** ang bawat miyembro ng populasyon ay may pantay na pagkakataon na magsilbing sampol

Halimbawa:

Lottery sampling o fishbowl technique

- sampling na walang kapalit (nababawasan ang *probability*)
- sampling na may kapalit (pantay ang bilang ng *probability*)

2. **Stratified Sampling-**Pagpili na ang mga tiyak na subgroup ay magkakaroon ng sapat na bilang ng mga kinatawan sa loob ng sampol

Hakbang:

- Hinahati ang grupo na ang bawat isa ay nabibilang sa katulad na istratum.
- Gumamit ng parandom sa pagpili ng mga kalahok sa bawat istratum.

3. **Sampling na Klaster**- Tinatawag ding “Area Sampling”. Pumipili ng mga miyembro ng sampol nang pa-klaster kaysa gumamit ng hiwalay na mga indibidwal. Klaster na grupo – grupong may magkakatulad na katangian.

Halimbawa: mga mag-aaral sa isang disiplina.

Uri ng Non-random Sampling:

1. *Systematic Sampling*
2. *Convenience Sampling*
3. *Purposive Sampling*

1. **Sistematikong Sampling**- plano para sa pagpili ng mga miyembro matapos na mapili nang pa-random ang panimula. Pagtiyak sa *sampling interval* at *constant sampling interval*

Halimbawa: **Populasyon 2000 = 200(10%)**

1		11	
2		12	
3	→ <i>constant</i>	13	←
4	<i>sampling</i>	14	
5		15	<i>sampling</i>
6		16	<i>interval</i>
7		17	
8		18	
9		19	
10		20	

2. **Convenience Sampling**- batay sa kaluwagan ng mananaliksik o ang *accessibility* nito sa nagsasaliksik

Halimbawa: Pagtawag sa telepono o Pop-up survey sa internet

3. **Purposive Sampling**- ginagamit batay sa paghuhusga at kaalaman ng mananaliksik upang makuha ang **representiveness** ng populasyon

Halimbawa: Paksa: Reaksyon sa RH Bill

Populasyon: Mga Mag-aaral sa Kolehiyo sa Cavite

Sampling: Mga Student-Leader sa bawat Pamantasan/Kolehiyo sa Cavite

Stratified sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkalap ng mga respondente na kung saan ang tiyak na subgroup ay magkakaroon ng sapat na bilang ng mga kinatawan sa loob ng sampol. Gumamit din ang mga mananaliksik ng Slovin’s Formula $n = N / (1+Ne^2)$.

Ang mga tagatugon ng pananaliksik ay nagmula sa mga estudyante ng City of Bacoor Senior High School- Dulong Bayan na kung saan hinati sa tatlong espesyalisasyon na STEM, ABM at TVL. Ang bawat espesyalisasyon ay may karampatang numero ng respondente na nakabase sa resultang nakalap gamit ang Slovin’s Formula, Stratified Sampling at Even Numbering Random Sampling.

Ang kabuuang respondente na ginamit sa buong pananaliksik ay 149 na mga estudyante na kinabibilangan ng 18 na taga-STEM, 53 na taga-ABM at 76 na taga-TVL.

C. Kasangkapan sa Pangangalap ng Datos

Sa bahaging ito, inilalahad ng mananaliksik ang mga detalye sa paraan ng pangongolekta ng datos na kinakailangan o ginagamit upang matugunan ang mga suliraning ipinahayag sa pag-aaral. Maaaring gumamit ng sarbey, talatanungan(questionnaire-checklist) at pakikipanayam.

Sa pangangalap ng datos, may tatlong pangunahing ginagamit:

1. Talatanungan

Ang talatanungan ay ginagamit ng mga mananaliksik kung saan ay isinusulat ang mga tanong na pinasasagutan sa mga respondente. Ito ang pinakamadaling paraan sa pangangalap ng datos.

- Open-ended na talatanungan- Ang mga *respondent* ay malaya sa pagsagot.
- Close-ended na talatanungan- uri ng talatanungan ng may pagpipilian

2. Ang pakikipanayam

Ito ay maisasagawa kung possible ang interaksyong personal. May dalawang uri ito.

- Binalangkas na pakikipanayam o structured interview
- Di-binalangkas na pakikipanayam o unstructured interview

3. Obserbasyon

Kinapapalooban ito ng obserbasyon ng mananaliksik sa sitwasyong pinag-aaralan. Sa ganitong uri ng pag-aaral, ang mananaliksik ay natugon sa tuwirang paglalarawan ng sitwasyong pinag-aaralan at ang pinakamabuting paraan para makamit ang layuning ito ay ang pagmamasid dito.

Dalawang uri ng Obserbasyon:

1. Di-pormal na obserbasyon- Itinatala lamang ang mga napag-usapan at walang limitasyon sa mga impormasyon.
2. Pormal na imbestigasyon o *structured observation*- Itinatala rito kung ano lamang ang nais obserbahan at ang mga posibleng kasagut ay binalangkas. Limitado ang mga impormasyong makukuha ngunit ito ay mas sistematiko kaysa sa di-pormal na obserbasyon.

Halimbawa:

Naghanda ng mga talatanungan na ipapasagot sa bawat estudyante na mapipiling maging respondente ng City of Bacoor Senior High School-Dulong Bayan upang malaman ang antas ng kanilang kaalaman patungkol sa SHS at pagpili ng espesyalisasyon sa SHS.

Ang mga talatanungan ay ginawa at dinesenyo ng mananaliksik batay sa kapakinabangan at pangangailangan ng pananaliksik na ito. Pinasagutan ang bawat katanungan sa 149 estudyante ng City of Bacoor Senior High School- Dulong Bayan. Upang makasigurado ang mga mananaliksik sa takdang bilang ng mga respondente ay kinuha ng mananaliksik ang mga respondente base sa resulta ng Draw lots at tiningnan ang kanilang mga ID upang maging tama ang mga respondente na kukunin sa nasabing pananaliksik.

D. Paraan ng pangangalap ng datos

Dito ipinapaliwanag kung paano ang pangangalap ng mga impormasyong ginamit. May mga ilang pamantayan sa paghahanap ng mga datos at mga impormasyong kailangan sa pananaliksik. Ito ay ang mga sumusunod:

- Sikaping makabago at napapanahon ang mga sangguniang gagamitin sa pananaliksik.
- Dapat na may kaugnayan sa isasagawang pananaliksik ang mga kukuning sanggunian.
- Kailangang may sapat na bilang ang mga sangguniang makatutugon sa paksang pag-aaralan.

Pangunahing Mapagkukuhanan ng Datos

1. Opinyon ng mga EKSPERTO
2. Pagkonsulta sa mga AKLAT at ARTIKULO
3. OBSERBASYON sa mga karanasan
4. SARILING paniniwala

- a. Kahusayan sa pagsubok-** Isinasaad kung paano gagawin para masubok ang *Reliability* ng pag-aaral. Nangangahulugan din ito ng ganap na kawastuhan ng datos. Ito ay kadalasang kinukuha sa tulong ng mga bihasa sa estadistika. Kaakibat nito ang tinatawag na *validity* na may kinalaman sa ugnayan ng mga datos. Sinusukat dito ang lawak ng pagtatamo ng mga layuning hinahangad na matamo o masukat ng pamamaraa.
- b. Pagsusuri ng mga Datos-** Tinatawag din itong pag-aanalisa ng mga datos. Sa bahaging ito ipinaliliwanag ng mananaliksik ang paraan ng pag-aanalisa ng mga natagpuang kasagutan ng mga kasangkot sa pag-aaral, maaaring sa paraang pabahagdan. Ang mga karampatang puntos ng bawat kasagutan at ng paliwanag sa paraan ng ganuong pagpupuntos.

Halimbawa:

Upang masagot at malaman kung ano ang antas ng kanilang kaalaman sa pagpili ng espesyalisasyon sa SHS at patungkol sa SHS, gumamit ang mga mananaliksik ng estatiska at titingnan kung ano ang may pinakamataas na porsyento ng kasagutan sa mga katanungan.

Dagdag pa dito ay inilatag rin ang mga nasabing resulta sa tulong ng mga kaugnay na literatura ng mga mananaliksik upang maging batayan sa paggawa ng mga rekomendasyon upang mapataas ang antas ng kanilang kaalaman patungkol sa SHS at pagpili ng espesyalisasyon.

Dalawang (2) Uri ng Pagtatala ng mga Impormasyon O Datos

1. **Tuwirang Sipi** - Ito ay eksakto o kumpletong pagsipi ng bahagi ng orihinal na teksto. Maaaring ito ay isa o higit pa sa isang salita, parirala, pangungusap o talata.
2. **Pabuod** - Ang orihinal na teksto ay kailangang ibuod sapagkat may mga tekstong mahahaba. Kailangang maisagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng sariling pananalita ng mananaliksik. (Paraphrasing ang tawag dito)

Talaan ng Sanggunian/ Bibliyograpiya

Sa paghahanap ng datos tungkol sa paksa ang karaniwang nagagamit na sanggunian ay mga aklat, pahayagan, *journal*, *magasin*, *mga computer data base* at mga aklat pananaliksik, na inaayos na paalpabeto. Matatagpuan dito ang pangalan ng awtor nanauuna ang apelyido, pamagat ng aklat/ magasin, artikulo, pangalan ng magasin/ pahayag, lugar ng pinaglimbagan, taon ng pagkalimbag at pahina.

Ang talasanggunian o Bibliyograpiya ay bahagi ng isang pananaliksik o maging ng aklat na kakikitaan ng talaan ng mga aklat, journal, pahayagan, magasin, o website na pinagsanggunian o pinagkuhaan ng impormasyon.

Sa pangangalap ng datos, huwag kalimutan ang talaan ng sanggunian: Magkaroon ng magkakabukod na talaan para sa iba't ibang sanggunian

Talang Parentetikal/Dokumentasyong Parentetikal

- a. **APA** – American Psychological Association, ang estilong APA ay kadalasang ginagamit sa mga siyentipikong pananaliksik sa larangan ng sikolohiya, medisina, agham panlipunan at iba pang mga teknolohikal na larangan.
- b. **MLA** – Modern Language Association, karaniwang ginagamit sa mga akademiko at iskolarong papel sa malalayang sining o liberal arts at sa disiplina ng Humanidades.

a. APA – American Psychological Association

- ✓ Isang istilo ng pagsulat ng bibliograpiya o pagbanggit sa loob ng papel na karaniwang ginagamit ng mga mananaliksik sa disiplina ng agham at mga pang-akademikong papel.

- ✓ Nagagawa nitong maging tuluy-tuloy ang daloy ng teksto sa pagbasa.
- ✓ Sa paggamit ng APA, pagkatapos banggitin ang “paraphrase” kailangang sundan ito ng apelyido ng awtor at ng petsa kung kailan ito nailathala o nabanggit ng awtor.
- ✓ Mahalaga ang maingat na pagkilalasa pinagmulan ng hiram na ideya, datos o impormasyon.

Halimbawa: sa huling talata: **(Mabilin, 2010)**
sa simulang talata: **Mabilin (2010)**

- ✓ Kung nabanggit na ang pangalan ng awtor sa mismong teksto, taon na lamang ng publikasyon ang isulat sa loob ng parenthesis.
- ✓ Kung dalawa ang awtor, banggitin ang apelyido ng dalawa at ang taon ng publikasyon.
- ✓ Kung ang babanggitin ay bahagi ng akdang may higit sa isang volume, banggitin ang bilang ng volume kasunod ng pangalan ng awtor o mga awtor, ngunit tutuldok (:) ang gamiting bantas upang paghiwalayin ang unang entry sa taon ng publikasyon.
- ✓ Kung tatlo o higit pa ang awtor at hindi nabanggit ang pangunahing awtor sa mismong teksto, banggitin na lamang ang unang awtor sa loob ng panaklong at sundan ng et al. bago ang taon ng publikasyon.

b. MLA – Modern Language Association

- ✓ Karaniwang ginagamit sa mga akademiko at iskolaryong papel sa malalayang sining o liberal arts at sa disiplina ng Humanidades.

Halimbawa: Isang awtor: **(Mendillo, 2010)**
Higit sa dalawang awtor: **(Mabilin at endillo, 2010)**
Higit pa sa dalawang awtor: **(Mendillo et al.)**

Mga Hakbang sa pagtatala ng Sanggunian o Bibliyograpiya

1. Istilong APA (American Psychological Association)

a. Halimbawa ng isa ang awtor

Garcia, Lakandupil C. (2012). *Paradaym: Pananaliksik sa Wikang Filipino (Intelektwalisasyon, Disiplina at Konsepto)*, Malabon City: Jimcsy Publishing House.

b. Halimbawa ng dalawa ang awtor

Kung dalawa ang awtor, banggitin ang apelyido ng dalawa at ang taon ng publikasyon.

Irabagon, Cristina T. at Gonzales, Corazon C. (2003). *Sining ng Komunikasyon*. Valenzuela City: Mutya Publishing.

c. Halimbawa ng tatlo o higit ang awtor

Kung tatlo o higit pa ang awtor sa mismong teksto, banggitin na lamang ang unang awtor sa loob ng panaklong at sundan ng et al. bago taon ng publikasyon.

Garcia, Lakandupil C. et.al. (2012). *Paradaym: Pananaliksik sa Wikang Filipino (Intelektwalisasyon, Disiplina at Konsepto)*, Malabon City: Jimcsy Publishing House.

d. Halimbawa ng mga hanguang walang awtor o editor

Simulan sa pamagat ng akda at tuldukan, taon ng pagkasulat, lugar ng pinaglimbagan, publisher na nagsagawa ng paglilimbag.

The Personal Promise Pocketbook. (1987). Makati: Alliance Publishers, Inc.

e. Magasin, Journal, dyaryo at Newsletter

Morales, N. (2014, August 13). "MPC goes into renewable energy." *The Philippine Star*, Vol. 29, no.17, page B-7.

f. Tesis/ Disertasyon

Edulzhura, Princess. (2017). *Epekto ng Social Networking Sites sa mga Piling Mag-aaral ng SHS in Progressive Di-nalathalang Tisis.* Senior High School in Progressive, Bacoor City.

g. Pelikula, Kaset, CD, VCD

Gaya ng pagtatala sa aklat papalitan lamang ang awtor ng director kung pelikula at artist/speaker/ lecturer kung kaset, vcd o cd.

Pelikula

Bernardo, Sigrid A. (2017). "Kita Kita" (Pelikula). Viva Films

CD

Labajo, Juan Karlo. (2018). "Buwan" (Pinoy Rock). Juan Carlos Band, MCA Music Inc. (Universal Music Philippines)

h. Mga dokumento mula sa mga tanggapan ng gobyerno

Isulat ang pangalan ng ahensyang pinagmulan ng dokumento at tuldukan. Kasunod ang taon ng publikasyon at tuldok. Isunod ang pamagat ng dokumento, ang bilang ng publikasyon (kung mayroon) sa loob ng parenthesis at tuldukan. Isunod ang lugar ng publikasyon, tutuldok at publisher.

i. Mga hanguang Elektroniko

Kung nakapost sa internet ang pangalan ng awtor o kontribyutor, taon at pamagat, sundin ang tuntunin at isunod ang sinalungguhitang website o path, tuldok.

Kung pamagat lamang ang abeylabol, simulan sa pamagat, tuldukan at isunod ang website o path na sinalungguhitan.

Kung hindi abeylabol ang datos pangalan ng awtor at pamagat, ilagay na lang ang sinalungguhitang website.

Aguino, Christine Joy (2018). Mga batayang Kasanayan sa Paghahanda

para sa Papel Mananaliksik. Mula sa <https://www.academia.edu/33481735/PANANALIKSIK>
Makepeace, Caroline. (2019). 7 Helpful Tips for Visiting the Grand Canyon in Winter. Mula sa <https://www.ytravelblog.com/author/cazcraig/>

B. MLA – Modern Language Association

Aklat na Iisa ang Awtor:

Mendillo, Benjamin. Namamayaning-Diwa. Manila: PNU Press, 2010

Aklat na may Dalawang Awtor:

Mendillo, Usher Ben R., at Ben Steward Mendillo. The Successful Entrepreneur. 2nd Ed. Quezon City, 2012.

Mga batayang impormasyon na kailangang matukoy sa talasanggunian

- a. Pangalan ng Awtor o mga awtor
- b. Pamagat ng libro
- c. Lugar ng publikasyon
- d. Pabliisher o tagalimbag
- c. Petsa o Taon ng pagkalimbag
- d. Editor, tagasalin, konsultant, compiler (kung mayroon)

Mga Hanguan ng Impormasyon o Datos

Ayon kina Mosura, et al. (1999), ang mga halimbawa ng hanguang primarya (primary sources) ay ang mga indibidwal o awtoridad, mga grupo o organisasyon/asosasyon, samahan o kapisanan, pamilya, mga pampublikong kasulatan o dokumento at iba pa. Kabilang din dito ang mga kinagisnang kaugalian maging mga pampublikong kasulatan o dokumento,

Samantala, ang mga **hanguang sekundarya** naman ay: aklat tulad ng diksyunaryo, ensayklopedya, taunang aklat, journal, atlas, almanac. Mga lathalaing artikulo gaya ng magasin, disertasyon, manuskrito at iba pa.

Hanguang Elektroniko o Internet ay maituturing ngayon bilang isa sa pinakamalawak at pinakamabilis na hanguan ng mga impormasyon o datos. Ang teknolohiyang ito ay bunga ng kumbinasyon ng mga serbisyong postal, telepono at silid-aklatan. (mga *Uniform Resource Locator* (URL) na nagtatapos sa *.edu* ay mula sa institusyon ng edukasyon o akademiko., *.org* organisasyon, *.com* business o komersyon, *.gov. ph* institusyon o sangay ng pamahalaan o gobyerno ng Pilipinas)

Hanguang Silid-aklatan isang lugar puntahan upang makapangalap ng mga impormasyon o datos na nais saliksikin.

May tatlong (3) yugto ng pananaliksik sa silid- aklatan.

Una, panimulang paghahanap ng kard katalog, sangguniang aklat, bibliograpi, indeks at hanguang elektroniko o internet.

Pangalawa, pagsusuri na kinasasangkutan ng browsing, skimming at scanning ng mga aklat at artikulo at ng pagpili ng citation mula sa mga babasahin.

Pangatlo, pagbabasa at pagtatala mula sa aklat, sanaysay, artikulo, *computer printouts* at iba pang sanggunian.

Uri ng Kard katalog

- a. **Kard ng Paksa** – ang dapat hanapin kung ang malinaw pa lamang sa mananaliksik ay ang kanyang paksang tatalakayin.
- b. **Kard ng awtor** – ang kailangang tingnan kung ang mananaliksik ay may naiisip na agad na awtor na awtoridad sa kanyang paksa
- c. **Kard ng Pamagat** – ang pinakalapitin ng mga mananaliksik na hindi pa tukoy ang paksa o awtor na gusto nilang saliksikin, kung kaya parang naghahanap pa sila ng kanilang paksa sa mga librong pamilyar na sa iba.



Suriin

“Tiyakin natin ang iyong pag-unawa.”

Subuking sagutin ang mga katanungan kaugnay sa mga tala tungkol sa proseso sa pagsulat ng pananaliksik.

1. Bakit mahalaga ang dokumentasyon at pagsinop ng tala sa pagsulat ng pananaliksik

2. Sa iyong palagay makakatulong ba ang pagkilala sa pinagmulan ng ideya at batis ng impormasyon.

3. Paano makatutulong ang pagkilala sa lahat ng mga impormasyon at datos sa pagbuo ng pananaliksik?



Pagyamanin

“Alam kong marami kang natutunan subukan natin ang iyong naunawaan sa paksang natalakay sa modyul ito. Handa ka na ba?”

Gawain 1:

Pag-isipang mabuti ang pamagat ng pananaliksik at pangunahing layunin nito. Subukan mong lapatan ng tatlong tiyak na mga layunin sa gagawing pananaliksik.

Persepsyon ng mga Mag-aaral at Guro ng City of Bacoor Senior High School- Dulong Bayan sa Distribusyon ng Condom ng DOH at ang Implikasyon nito sa mga Kabataan

Layunin ng Pag-aaral:

Ang pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ay **malaman** ang iba’t ibang persepsyon ng mga mag-aaral at guro ng City of Bacoor Senior High School- Dulong Bayan ukol sa distribusyon ng condom ng Kagawaran ng Kalusugan at ang implikasyon nito sa mga kabataan.

Nilalalayon ng pananaliksik na ito na:

1. _____
2. _____
3. _____

Gawain 2:

Pagtapat-tapatin: Piliin sa hanay **B** ang mga terminong inilalarawan kahulugan sa hanay **A**. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

Hanay A

1. Sampol
2. Populasyon
3. Plagiarism
4. Talatanungan.
5. Mga Respondente
6. *Convenience Sampling*
7. Etika

Hanay B

- A. ang sasagot sa suliranin ng pag-aaral
- B. pag-iingat sa mga datos
- C. tutugon sa panayam man o sarbey
- D. interaksyong personal
- E. pagkakataon ng bawat miyembro upang mapili
- F. Batay sa kaluwagan respondente
- G. pangongopya at di-pagkilala sa gawa ng iba

- | | |
|--------------------------|--|
| 8. pakikipanayam | H. pagsusuri ng datos |
| 9. Layunin | I. interes na grupo ng pag-aaral |
| 10. <i>Simple random</i> | J. bahagi ng populasyon |
| | K. Instrumento sa pangangalap ng datos |

Gawain 3:

PAGTUKOY: Tukuyin kung anong uri ng disenyo ng pananaliksik ang inilalahad ng bawat pahayag. Isulat sa patlang ang tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel. Titik lamang.

A. Eksperimental	B. Korelasyunal	C. Hambing-Sanhi
D. Etnograpikong	E. Sarbey	F. Kwaliteytib
G. Historikal	H. Kilos- Saliksik	I. Deskriptibo
J. Kwantiteytib		

- _____ 1. Pinakamabisang uri kung nais tukuyin ang inaasahang resulta.
- _____ 2. Ito ay ginagamit sa pagkalap ng datos ng mga karanasan ng tao sa kanilang ginagalawang lipunan na hindi maaaring isalin sa numurikong pamamamaraan upang makita ang magkakaibang reyalidad ng paksa o isyu na pinag-aaralan.
- _____ 3. Paglalarawan ng isang penomenong nagaganap kaugnay sa paksa
- _____ 4. Kultural na pananaliksik
- _____ 5. Matutukoy ang ugnayan ng 2 baryabol nang makita ang implikaso nito at ang epekto sa isa't isa
- _____ 6. Ito ay ginagamit sa pagkalap ng numeriko o istatistikal na datos upang makabuo ng pangkalahatang pananaw na kumakatawan sa paksa o isyu na pinag-aaralan.
- _____ 7. May suliraning kailangan tuguan/solusyon
- _____ 8. Pag-alam sa dahilan o pagkakaiba ng dalawang bagay o tao
- _____ 9. Pagtuon sa nagdaang pangyayayri
- _____ 10. Pagpapayaman at pagpaparami ng mga datos

Gawain 4:


Panuto: Gamit ang mga detalye sa ibaba, gumawa ng isang talasangunian (APA/MLA). Isulat ito sa loob ng kahon.

1. **Mga May-akda:** Benjie A. Amarillas, Sharon Rose L. Mendoza, Jennifer E. Quinto
- Pamagat:** Edukasyon sa Pagpapakatao
- Lugar:** Quezon City
- Tagapaglathala:** St. Bernadette Publishing House Corporation
- Taon:** 2017

2. **Mga May-akda:** Jose, F,S,
Pamagat: Why we are Shallow
Pangalan ng Pahayagan: Philippine Star
Tagapaglathala: <http://www.philstar.com/arts-and-culture/725822/why-we-are-shallow>
Taon: 2012



3. **Direktor:** Loy Arcena (October, 2017)
Pamagat: Ang Larawan (Pelikula).
Tagapaglathala: Viva Films
Lugar: Pilipinas
Taon: 2017



Isaisip

Inaasahan na naging malinaw na sa iyo ang araling tinalakay natin ngayon. Upang malaman ko na may naunawaan ka sa layunin, gamit, etika ay metodo ng pananaliksik may gawain akong inihanda para sa iyo. Tayo na! Ituloy na natin ito.


Dugtulang Gawain: Ipahayag nang malinaw ang anomang pagkatuto at kahalagahang nakuha sa tinalakay na aralin. Isulat sa hiwalay na papel ang kasagutan.

Nalaman ko sa araling ito na sa gawaing pananaliksik na mahalaga ang layunin dahil ito ay _____

at nagagamit ito sa _____

Kung saan natutuhan ko ang tamang etika sa _____

At higit sa lahat ang metodo na _____



Isagawa

Gawain 1: Buoin Mo!

Panuto: Lapatan ito ng mga tiyak ng layunin ang pamagat ng pananaliksik. Maari mong palitan ng pangalan ng iyong paaralan.

Mga Dahilan ng Stress at Epekto sa Pang-akademikong Gawain ng mga Mag-aaral sa STEM G11 at 12 ng City of Bacoor Senior High School Dulong Bayan

Layunin ng Pananaliksik

Ang panunahing layunin ng pananaliksik na ito ay naglalayomg matukoy ang mga dahilan at epekto ng stress sa pang-akademikong Gawain ng mga mag-aaral ng nasabing paaralan.

Nilalalayon ng pananaliksik na ito na:

1. _____
2. _____
3. _____

Kaugnay sa gawain sa itaas lapatan ng proseso o pamamaraan ng pananaliksik o metodolohiya base sa isinulat mong suliranin o layunin ng pag-aaral. (Pabalangkas)

Disenyo ng Pag- aaral	
Kalahok at sampling	
Instrumento ng pangagalap ng datos	

Paraan ng pangangalap ng datos at pagsusuri ng mga datos	
--	--



Tayahin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pangungusap sa bawat bilang. Piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

- Ipinapahayag sa bahagi ng metodolohiya ang iba't ibang isinasagawang hakbang ng mananaliksik sa paghahahanap ng datos.
 - Paraan ng pangangalap ng datos
 - Pagpapayaman ng datos
 - Pangungopya ng datos
 - Pagsusuri ng datos
- Inilalarawan sa bahaging ito ng metodolohiya ang bawat hakbang sa pag-aanalisa ng mga datos na nakalap.
 - Pagsusuri ng Datos
 - Pagrebisa ng datos
 - Pangangalap ng datos
 - Pagpaparami ng datos
- Ito ang pinakapamagat ng ikalawang bahagi ng sulating pananaliksik na katutunghayan ng pamamaraan at paraan, gayundin ng mga bilang ng *respondent* na gagamitin o ginamit sa pag-aaral.
 - Resulta
 - Diskusyon
 - Metodolohiya
 - Introduksiyon
- Ipinaliliwanag sa bahaging ito ng metodolohiya ang paraan ng pagpili ng sampol mula sa populasyon.
 - Mananaliksik
 - Respondente
 - Disenyo
 - Datos
- Bahagi ng isang pananaliksik na kakikitaan ng talaan ng mga aklat, journal, pahayagan, magasin, o website na pinagsanggunian o pinagkuhaan ng impormasyon.
 - Datos
 - Pagpili ng paksa
 - Konseptong Papel
 - Talaan ng Sanggunian/Bibliyograpiya
- Alin sa sumusunod na mga gawain ang nabanggit ang nagpapakita ng plagiarism?

- A. Presi
- B. Paraphrase
- C. Buod ng Tala
- D. Sariling Salin

12. Sa bahaging ito, inilalahad ng mananaliksik ang mga detalye sa paraan ng pangongolekta ng datos na kinakailangan o ginagamit upang matugunan ang mga suliraning ipinahayag sa pag-aaral. Maaaring gumamit ng sarbey, talatanungan(questionnaire-checklist) at pakikipanayam

- A. Paraan ng Paglikom ng Datos
- B. Paraan sa Pagsusuri ng Datos
- C. Kasangkapan sa Paglikom ng Datos
- D. Lokal at Populasyon ng Pananaliksik

13. Ito ay ginagamit sa pagkalap ng datos ng mga karanasan ng tao sa kanilang ginagalawang lipunan na hindi maaaring isalin sa numurikong pamamaraan upang makita ang magkakaibang reyalidad ng paksa o isyu na pinag-aaralan.

- A. Deskriptibo
- B. Historikal
- C. Kwaliteytib
- D. Kwantiteytib

14. Mahalaga riyo ang husay sa pagbuo ng mga kasunod at kaugnay na tanong (follow-up question).

- A. Sarbey
- B. Obserbasyon
- C. Pakikipanayam
- D. Dokumentaryong pagsusuri

15. Maituturing bilang isa sa pinakamalawak at pinakamabilis na hanguan ng mga impormasyon o datos. Ito ay bunga ng kumbinasyon ng serbisyong postal, telepono at silid-aklatan.

- A. Elektroniko o Internet
- B. Primarya
- C. Sekondarya
- D. Silid-aklatan



Karagdagang Gawain

Panuto: Maghanap ng aklat, diksyunaryo, journal, pahayagan, magasin, o website na maaring maging sanggunian. Gumawa ng limang talaan ng sanggunian. Sundin ang pamantayan sa pagsulat nito. Lagyan ng laybel kung anong uri ng sanggunian ang ginamit. Isulat ito sa isang *bond paper*.


1.

2.

3.

4.

5.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. D
2. A
3. C
4. C
5. D
6. D
7. B
8. D
9. C
10. D
11. A
12. C
13. D
14. A
15. A

Pagymanin:

Gawain 2: Pagtapat-tapatn

1. J
2. I
3. G
4. K
5. C
6. F
7. B
8. D
10. E

Pagymanin:

Gawain: Pagtukoy

1. A
2. F
3. I
4. D
5. B
6. J
7. H
8. C
9. G
10. E

Tayain

1. A
2. A
3. C
4. B
5. D
6. B
7. D
8. C
9. D
10. B
11. D
12. C
13. C
14. C
15. A

Pagymanin

Gawain 4:

1. Amariilas, Benjie A. et al. (2017) Edukasyon sa Pagpapakatao, Quezon City: St. Bernadette Publishing House Corporation.
2. Jose, F.S. (2012) Why we are Shallow. Philippine Star. Mula sa <http://www.philstar.com/arts-and-culture/725822/why-we-are-shallow>.
3. Arcena, Loy. (2017) Ang Larawan. (Pelikula), Pilipinas: Viva Films.

Sanggunian

- Bandril T. Lolita, Villanueva M. Voltaire, Bautista T. Alma, Palmes F. Diana, 2016. Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto sa Pananaliksik.p.130-133,172-178.Quezon City: Vibal Group, Inc.
- Dayag M. Alma, Del Rosario G. Mary Grace, 2016. Pluma: Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto sa Pananaliksik.p.102-103, 177-178.Quezon City: Phoenix Publishing House Inc.
- De Laza S. Crizel, 2016. : Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto sa Pananaliksik.p.125-130, 145-153, 179-199.Sampaloc Manila: Rex Book Store, Inc.
- Garcia, Lakandupil C. et.al. (2012) Paradaym:Pananaliksik sa Wikang Filipino (Intelektwalisasyon, Disiplina at Konsepto),p. 259-260. Malabon City: Jimcsy Publishing House.
- Jane K. Lartec, Felina K. Espique, Dolores S. Tanawan, Ermilyn P. Ramos, Sheila D.Dotimas,2011.: Instruksiyong Mudyular sa Pananaliksik. p.16-17, 40-43, 176-191. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc.
- Matullano, M. (2013, Setyembre 21) "Ang Listahan ng Sanggunian." Nakuka noong Pebrero 26, 2019. mula sa <https://www.slideshare.net/merellematullano/ang-listahan-ng-mga-sanggunian-filipino>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph